## Ano ang Direktang Binabantayang Terapiya [Directly Observed Therapy (DOT)]?

Ang DOT ay isang pakikipagtulungan sa pagitan mo at ng iyong tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan. Sisiguraduhin ng iyong tagapagkaloob ng medikal na serbisyo na makukuha mo ang lahat ng iyong gamot para sa TB upang matapos mo ang iyong paggamot sa tamang paraan. Kapag ikaw ay nasa DOT, ang isang sinanay na manggagawa sa kalusugan mula sa Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ang magbibigay sa iyo ng gamot sa oras at lugar na inyong napagkasunduan. Maaaring ito ay sa iyong tahanan, klinika, lugar ng trabaho, o ibang lugar sa komunidad.

Ang Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ang magbibigay ng lahat ng gamot para sa TB at magsasagawa ng lahat ng pagtatasa. Ang mga doktor at nars nito, na mga eksperto sa paggamot ng TB, ay makikipagtulungan sa iyo upang pamahalaan ang iyong pangangalaga.

## Ano ang papel na ginagampanan ng Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan?

Ang Kagawaran ay nagmamalasakit sa kalusugan mo, ng iyong pamilya, at ng mga taong madalas mong nakakasama. Responsibilidad naming siguraduhin na matatanggap mo ang tamang medikal na pangangalaga para sa iyong TB at mapigilan ang pagkalat ng TB sa iba.


Upang mapigilan ang pagkalat ng TB sa iyong pamilya, mga kaibigan, at iba pang mga taong madalas mong nakakasama, maaaring irekomenda ng iyong doktor na sumailalim sila sa pagsusuri ng balat para sa TB [TB skin test (TST)] o pagsusuri ng dugot na tinatawag na Interferon gamma release assay (IGRA). Kung mayroon silang positibong reaksyon sa pagsusuri sa balat o pagsusuri sa dugo, malamang na mag-utos ang kanilang doktor ng x-ray sa dibdib upang malaman kung mayroon silang aktibong sakit na TB. Kung mayroong silang negatibong reaksyon sa pagsusuri ng balat o dugo, dapat silang masuri muli dalawa hanggang tatlong buwan pagkatapos ng huling pagkakaroon ng kontak. Kung ang pagsusuri sa dugo ay naisagawa na, hindi mo na kailangang bumalik para sa iyong mga resulta. Kokontakin ka ng iyong doktor sa iyong mga resulta.

**Para sa mas marami pang impormasyon, bisitahin ang: www.publichealth.lacounty.gov/tb**

County of Los Angeles Public Health

# Aktibong Sakit na TB

## Kontrolin ang iyong kalusugan



## Ano ang aktibong sakit sa TB?

Ang sakit na tuberkulosis (TB) ay sinasabing "aktibo" kapag ang mga mikrobyo ng TB ay buhay at "gising" sa iyong katawan. Kung ikaw ay may aktibong sakit na TB, maaaring magkaroon ka ng mga sintomas tulad ng matinding ubo, pagpapawis sa gabi, pagkapagod, at pagbaba ng timbang. Maaari mong maipasa ang mga mikrobyo ng TB sa ibang tao. Ang TB ay pangunahing nakakaapekto sa mga baga, gayunpaman, maaari rin itong makaapekto sa iba pang bahagi ng katawan. Kung hindi gagamutin, ang TB ay maaaring magdulot ng kamatayan.

## Paano nagkakaroon ng sakit na TB ang isang tao?

Ang mga mikrobyo ng TB ay kumakalat sa hangin kapag ang taong may aktibong sakit na TB ay umuubo, bumabahin, tumatawa, nagsasalita, o kumakanta. Kung makalanghap ka ng hangin na may mga mikrobyo ng TB, maaari kang maimpeksyon. Nangangahulugan ito na magkakaroon ka ng mga mikrobyo ng TB sa iyong katawan, ngunit natutulog ang mga ito. Gayunpaman, kung humina ang iyong sistema ng imyunidad, maaaring "magising" ang mga mikrobyo ng TB at magparami pa ng mga mikrobyo. Maaari kang magkasakit ng aktibong sakit na TB.
Ang sinuman ay maaaring magkaroon ng aktibong sakit na TB. Mas malamang na magkaroon ka nito kung mayroon kang impeksyon ng TB at ikaw ay: napakabata o matanda na, may problema sa paggamit ng bawal na gamot o medikal na kondisyon na nagpapahina sa iyong sistema ng imyunidad, tulad ng HIV, diabetes, o kanser. Hindi ka maaaring magkaroon ng TB mula sa mga damit, pinggan, pagkain, o kumot.

# Mga Palatandaan at Sintomas ng Aktibong sakit na TB

- Ubo na tumatagal ng 3 linggo o higit pa
- Pag-ubo ng dugo
- Pakiramdam ng labis na pagkapagod
- Pagkawala ng gana sa pagkain
- Pagpapawis sa gabi
- Pananakit ng dibdib
- Panghihina
- Pagbaba ng timbang ng hindi sinasadya
- Panginginig sa ginaw at lagnat
- Positibong pagsusuri sa balat o pagsusuring IGRA sa dugo

## Paano ginagamot ang aktibong TB?

Ang mga mikrobyo ng TB ay napakalakas, kaya maaaring magtagal bago sila tuluyang mamatay. Maaaring kailanganin mong uminom ng iba't ibang uri ng gamot para sa TB, sa loob ng hindi bababa sa anim na buwan. Dapat mong inumin ang lahat ng iyong gamot ayon sa ibinilin ng iyong tagapagkaloob ng pangangalaga ng kalusugan. Ang maling pag-inom ng gamot ay nakakatulong pa sa mga mikrobyo na maging mas malakas. Minsan, nagiging sobrang lakas nila na nagkakaroon sila ng resistensya sa antibiotic. Nangangahulugan ito na hindi na gumagana ang gamot sa mga mikrobyong ito. Kung patuloy na magiging mas matalino ang mga mikrobyo ng TB kaysa sa mga gamot na mayroon tayo, maaaring maubusan tayo ng paraan para patayin sila.

## Ano ang ilan sa mga epekto ng mga gamot sa TB?

Ang mga epekto ay bibihira sa mga tabletang ito, ngunit maaaring maramdaman mo ang:

- Patuloy na pagkawala ng ganang kumain
- Palaging nakakaramdam ng pagkapagod nang walang dahilan
- Pakiramdam ng pagkahilo o pagkaantok
- Paninilaw ng mga mata
- Paninilaw ng balat
- Pantal, pangangati
- Matinding lagnat
- Malabong paningin
- Hindi pangkaraniwang pananakit sa kamay, paa, o kasu-kasuan
- Sakit sa ulo
- Pagkahilo at pagsusuka
- Maitim na kulay ng ihi (kulay ng kape o tsaa)
- Anumang iba pang hindi pangkaraniwang mga sintomas

## Ano ang mangyayari kung hindi ko ininom ang mga tableta ayon sa inireseta?

Maaari kang manatiling may sakit sa matagal na panahon. Maaari mong maipasa ang mga mikrobyo ng TB sa iba. Ang mga mikrobyo ng iyong TB ay maaaring magkaroon ng resistensya sa gamot na iyong ininom. Napakahirap nitong gamutin at maaaring tumagal ng mas matagal bago gumaling (hanggang sa 24 na buwan).

Inirerekomenda ng iyong tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan na kunin mo ang iyong gamot sa pamamagitan ng Direktang Binabantayang Terapiya (Directly Observed Therapy o DOT). **Ang DOT ay isang natatanging serbisyo na ibinibigay lamang ng Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan**.

CDCP-TB-0003-01 (Rev: 3/3/25)